# Social Security Para Sa Taong Nabubuhay Na May HIV/AIDS

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Ang mga benepisyo na binabayaran sa ilalim ng dalawang programa | 1 |
| Ako ba ay kuwalipikado para sa mga benepisyo ng may kapansanan mula sa Social Security? | 2 |
| Ano ang makukuha ko mula sa Social Security? | 2 |
| Ako ba ay kuwalipikado para sa mga kabayaran ng SSI para sa may kapansanan? | 2 |
| Paano ako makakapag-apply para makatanggap ng mga benepisyo? | 2 |
| Paano ninyo pagpapasyahan ang aking claim? | 3 |
| Paano ako makakatulong na mapabilis ang aking claim? | 3 |
| Ano ang mangyayari kung bumalik ako sa trabaho? | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Kung mayroon kayong HIV/AIDS at hindi makakapagtrabaho, maaaring kuwalipikado kayo para sa mga benepisyo ng may kapansanan mula sa Social Security Administration. Ang inyong kalagayan ay dapat na inaasahang tumagal ng kahit man lang isang taon o mahahantong sa kamatayan, at kailangan ay ganoon na lang kalubha na nakakahadlang ito sa inyo na makapagtrabaho nang mainam at sa isang makabuluhang paraan. Ang dami ng mga kinita na aming ikinokonsidera ay mahalaga at kapaki-pakinabang na mga pagbabago bawat taon. Para sa mga pangkasalukuyang bilang, sumangguni sa taunang *Pinagbuti Update* (Publication No. 05-10003-TL).

Kung ang inyong anak ay may HIV/AIDS, maaari siyang makakuha ng Supplemental Security Income (SSI) kung sapat ang baba ng kita ng inyong sambahayan.

## Ang mga benepisyo na binabayaran sa ilalim ng dalawang programa

Kami ay nagbabayad ng mga benepisyo para sa kapansanan sa ilalim ng dalawang mga programa: ang programa ng insurance para sa may kapansanan ng Social Security ay para sa mga taong nagbabayad ng buwis sa Social Security; at ang programa ng Supplemental Security Income ay para sa mga taong may maliliit na kita at kakaunting pinagkukuhanan ng pera. Kung ang inyong mga benepisyo sa Social Security ay lubos na mababa at limitado

ang inyong mga kita at pinagkukuhanan ng pera, maaaring kuwalipikado kayo para sa mga benepisyo mula sa parehong mga programa.

## Ako ba ay kuwalipikado para sa mga benepisyo ng may kapansanan mula sa Social Security?

Kapag kayo ay nagtatrabaho at nagbabayad ng mga buwis sa Social Security, kumikita kayo ng mga credit sa Social Security. (Ang karamihan sa mga tao ay kumikita ng maximum na apat na mga credit sa isang taon.) Ang bilang ng mga taon ng trabaho na kailangan upang makatanggap ng mga benepisyo para sa may kapansanan ay depende kung gaano katanda kayo nang kayo ay magkaroon ng kapansanan. Karaniwan, kailangan ay nakapagtrabaho kayo ng limang taon sa loob ng 10 taon bago ang taon nang kayo ay magkaroon ng kapansanan. Ang mga mas nakababatang manggagawa ay kailangan ng mas kaunting taon ng trabaho. Kung maaprubahan ang inyong application, ang inyong unang benepisyo para sa may kapansanan mula sa Social Security ay babayaran para sa anim na buong buwan makalipas ang petsa nang magsimula ang inyong kapansanan.

## Ano ang makukuha ko mula sa Social Security?

Ang halaga ng pera inyong buwanang benepisyo ay depende kung magkano ang inyong kinita nang kayo ay nagtatrabaho pa. Kayo ay kuwalipikado rin para sa Medicare makalipas ninyong makatanggap ng mga benepisyo para sa kapansanan ng 24 buwan. Ang Medicare ay nakakatulong na bayaran ang mga pag-aalaga sa ospital at sa ospisyo, mga pagsusuri sa laboratoryo, pangangalaga sa kalusugan sa tahanan, at iba pang mga medikal na serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, makipag-ugnayan sa amin para sa publikasyon, *Medicare* (Publication No. 05-10043-TL).

## Ako ba ay kuwalipikado para sa mga kabayaran ng SSI para sa may kapansanan?

Kung hindi sapat ang tagal ng inyong pagtatrabaho upang makatanggap ng Social Security o ang inyong mga benepisyo mula sa Social Security ay masyado mababa, maaaring kuwalipikado kayo para sa mga kabayaran ng SSI, kung ang inyong kabuuang kita at mga pinagkukuhanan ng kita ay sapat ang baba.

Kung nakakatanggap kayo ng SSI, marahil ay maging karapat-dapat kayo para sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) at Medicaid. Inaasikaso ng Medicaid ang inyong mga singiling medikal kapag kayo ay nasa ospital o kapag tumatanggap ng pangangalaga para sa outpatient. Sa ilang mga estado, binabayaran ng Medicaid ang pangangalaga sa ospisyo, pribadong narse, at mga inireresetang gamot na ginagamit para labanan ang sakit na HIV. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicaid, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng social services.

## Paano ako makakapag-apply para makatanggap ng mga benepisyo?

Maaari kang mag-apply sa mga benepisyo sa may kapansanan mula sa Social Security nang online sa ***www.socialsecurity.gov***, o maaari ninyon tawagan ang aming walang bayad na toll na numero ng telepono sa, **1-800-772-1213**, para kumuha ng appointment para makapag-apply para sa claim sa kapansanan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security o para makapag-set up ng appointment sa taong maaaring kumuha ng inyong claim sa pamamagitan ng telepono. Ang panayam tungkol sa mga claim sa may kapansanan ay tumatagal ng isang oras. Kung ikaw ay bingi o hirap na makarinig, maaari kayong tumawag sa aming walang bayad na toll na TTY na numero sa, **1-800-325-0778**, sa pagitan ng 7 a.m. at 7 p.m. sa mga araw na may pasok sa trabaho. Kami ay nagkakaloob ng mga libreng serbisyo ng interpreter para matulungan kayong maisagawa ang inyong mga nais gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo

*(kabila)*

ng interpreter na ito ay available kung kayo man ay makipag-usap sa amin sa pamamagitan ng telepono o sa tanggapan ng Social Security.

Pinapakitunguhan namin ang mga tawag sa isang kompidensyal na paraan, at may ikalawang kinatawan ng Social Security ang magbabantay sa ilang mga tawag sa telepono dahil nais rin naming tiyakin na tumatanggap kayo ng wasto at magalang na serbisiyo.

## Paano ninyo pagpapasyahan ang aking claim?

Ang lahat ng mga application na aming natatanggap mula sa mga taong may HIV/AIDS ay napoproseso nang mabilis. Ang Social Security ay nakikipagtrabaho sa isang ahensya sa bawat estado na tinatawag na Disability Determination Services.

Rerepasuhin ng ahensya ng estado ang impormasyon na ibinigay ninyo at ng inyong doktor at magpapasya kung kayo ay kuwalipikado para sa mga benepisyo.

Babayaran namin kaagad ang inyong mga benepisyo sa SSI ng hanggang anim na buwan bago kami magbigay ng panghuling desisyon sa inyong claim kung:

- Hindi kayo nagtatrabaho;
- Kayo ay nakakatugon sa mga tuntunin ng SSI tungkol sa kita at mga pinagkukuhanan ng pera; at
- Napatotohanan ng inyong doktor o ng iba pang pinagkukuhanan ng medikal na tulong na ang inyong impeksyon na HIV ay nakakatugon sa ilang mga kriterya batay sa aming mga medikal na tuntunin sa pagiging karapat-dapat.

## Paano ako makakatulong na mapabilis ang aking claim?

Maaari kayong makatulong sa pagpoproseso ng inyong claim sa pamamagitan ng pagiging handa sa ilang mga partikular ng impormasyon kapag kayo ay nag-apply. Kasama dito ang:

- Ang inyong numero ng Social Security at birth certificate at ang mga numero ng Social Security at birth certificate ng sinumang mga miyembro ng pamilya na maaaring nag-a-apply para sa mga benepisyo; at
- Isang kopya ng pinakahuling W-2 na form. (Kung kayo ay nag-a-apply para sa SSI, kakailanganin rin namin ang impormasyon tungkol sa inyong kita at mga pinagkukuhanan ng kita; halimbawa, mga bank statement, mga rekord sa hindi pagkakaroon ng trabaho, mga resibo ng upa, at rehistro sa sasakyan).

Kakailanganin rin namin ang mga impormasyon tungkol sa:

- Mga pangalan at address ng sinumang mga doktor, ospital, o mga klinika na napuntahan ninyo upang magpagamot;
- Kung paano naka-apekto ang HIV/AIDS sa inyong pang-araw araw na mga gawain, tulad ng paglilinis, pamimili, pagluluto, pagsakay sa bus, atbp.; at
- Ang mga uri ng trabaho ninyo dati sa nakaraang 15 taon.

Dagdag pa dito, hihiling namin mula sa iyong doktor na kumpletuhin ang isang form na nagsasabi sa amin kung paano naka-apekto sa iyo sa iyong HIV infection. Ikaw o ang iyong doktor ay maaaring maka-access ng form na “SSA-4814” para sa mga adult at “SSA-4815” para sa mga bata sa ***https://www.ssa.gov/forms/index.html*** o maaari kang tumawag sa 800 na numero para humingi ng naaangkop na form. Makalipas na makumpleto at malagdaan ng iyong doktor ang naaangkop na form, dalhin o ipadala ang form sa amin.

## Ano ang mangyayari kung bumalik ako sa trabaho?

Kung bumalik kayo sa trabaho, may mga espesyal na tuntunin na nagpapahintulot na patuloy pa rin ang inyong mga benepisyo habang kayo ay nagtatrabaho. Ang mga tuntunin

*(kabila)*

na ito ay mahalaga para sa mga taong may HIV/AIDS na maaaring makabalik sa trabaho kapag maayos na ang kanilang pakiramdam.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga tuntuning ito, magtanong sa anumang tanggapan ng Social Security upang makahingi ng isang kopya ng inilathalang, *Working While Disabled — How We Can Help (Ang Pagtratrabaho Habang May Kapansanan—Paano Kami Makakatulong)* (Publication No. 05-10095-TL).

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10019-TL | April 2017
Social Security Para Sa Taong Nabubuhay Na May HIV/AIDS
Social Security For People Living With HIV/AIDS (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito